

PARA SA AGARANG PAGLABAS

**Pasisimulan ng Brampton Transit ang libreng mga pamasaha, pag-akyat sa bus padaan sa likodn, mga bus na kalahating puno at mas marami pa, umpisa Marso 21 at Marso 23**

BRAMPTON, ON (Marso 20, 2020) – Sa araw na ito, inanunsyo ng Brampton Transit na simula sa Sabado, Marso 21, ang bayad sa pamasaha ay hindi kailangan, ang mga customer ay maaari lamang sumakay sa padaan sa mga pintuan sa likuran hanggang sa karagdagang abiso bilang tugon sa COVID-19. Ang mga customer na may mga pangangailangan sa pag-access na nangangailangang gumamit ng ramp ay maaaring magpatuloy sa paggamit sa mga pintuan sa harap.

Simula sa Lunes, Marso 23 at hanggang may karagdagang abiso, ang sumusunod na mga pagbabago ay magkakabisa:

- Dinagdagang Serbisyo sa Sabado para sa Lunes-Biyernes. Makikita ang mga detalye [dito](#).
- Magpapatuloy ang serbisyo sa Sabado at Linggo sa regular na mga iskedyul ng mga ito.
- Isasara sa publiko ang mga administratibong tanggapan ng Brampton Transit sa 185 Clark Boulevard at 130 Sandalwood Parkway West. Dahil walang kinailangang bayad sa pamasaha sa panahong ito, ang lahat ng pag-isyu ng mga Brampton Transit Senior ID card, mga Veterans card at PRESTO sales ay sususpendihin. Para sa mga tanong sa 'lost and found', pwedeng tumawag ang mga customer sa 905.874.2750 ext. 62732.

Para mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa komunidad, ipapatupad ng Brampton Transit ang sumusunod:

- Lilimitahan ang mga karga ng bus sa kalahating kapasidad ng nakaupo para suportahan ang mga gawain ng social distancing o pagtayo/pag-upo na maysapat na distansya mula sa iba. Nangangahulugan ito na kapag kalahating puno na ang mga bus, lalagpasan na ang mga bus stop at maaaring maiwanan ang mga pasahero. Gagawin ang lahat ng pagsisikap para i-deploy ang mga bus para kunin ang natitirang mga pasahero.
- Sa mas abalang mga ruta, ihahanda ang mga articulated bus para matulungan ang kakayahan ng mga pasahero na panatilihin ang social distancing habang nakasakay. Nangangahulugan ito na ang mga Züm articulated bus ay maaaring makita sa mga regular na ruta. Mangyaring magbigay ng pansin sa mga palatandaan ng destinasyon sa mga bus.
- Para matiyak na may sapat na distansya sa pagitan ng isa't isa sa mga bus, kabilang ang mga empleyado, haharangan ang mga upuan ng dilaw na tape at hindi pauupuin ang mga pasahero sa mga upuang ito.

Ang mga terminal ng Brampton Transit at mga contact center ay magpapanatili ng regular na mga oras ng operation. Ang anumang pagbabago sa mga oras ng operation ay ipapahayag sa [bramptontransit.com](http://bramptontransit.com).

Ang isang pinaigting na iskedyul ng paglilinis at pag-disinfect ay mananatiling ipapatupad. Layunin ng Brampton na i-disinfect ang lahat ng matitigas na mga surface o ibabaw, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang mga pasilidad at terminal na may matitigas na surface ay pupunasan at idi-disinfect araw-araw. Hinihikayat ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal na disinfectant kapag nagbibiyahe, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang kanilang mga kamay.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Measures Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang [www.brampton.ca/covid19](http://www.brampton.ca/covid19) para sa regular na mga update at bisitahin ang [bramptontransit.com](http://bramptontransit.com) o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo.

### **Mga Quote**

“Committed tayo sa pagtiyak na ang Brampton ay isang Nakalulusog at Ligtas na Lungsod sa loob ng ekstraordinaryong panahong ito, at dahil dito tayo ay nagpapatupad ng libreng pamasaha, pagpasok sa bus padaan sa likod at kalahating puno na mga bus. Ang Brampton Transit ay isang mahalagang serbisyo na nakakatuong sa maraming residente na ma-access ang mga pangangailangan, at dedicated tayo sa pagiging accessible nito. Kasama ang ating mga stakeholder, committed tayo sa pagpapababa ng epekto ng COVID-19 sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay committed sa pagbibigay ng mga oportunidad sa ligtas na transportasyon para sa mga residente ng Brampton habang tinitiyak natin ang patuloy na kaligtasan ng ating mga Transit operator. Para mapanatili ang ating mga serbisyo, ang anunsyo sa araw na ito ay magtitiyak na patuloy nating inilalagay sa unahan at sentro ang kaligtasan sa mahirap na panahong ito.”

- *David Barrick, Punong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/bramptontransit), [Facebook](https://www.facebook.com/bramptontransit), at [Instagram](https://www.instagram.com/bramptontransit). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)

